

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa relasyon na inihahandog Niya sa iyo at sa paglilinis Niya ng mga kasalanan mo. Pasalamatang Siya na sa kabila ang mga bunga ng kasalanan mo, kasama mo pa rin Siya araw-araw.
- Hingin sa Diyos na laging ipaalala sa iyo ang Kanyang mga katotohanan. Ipanalangin na sa araw-araw mong pagbabasa ng Bibliya, bibigyan ka Niya ng kakayahan na hindi pakinggan ang mga kasinungalingan ni Satanas.
- Ipanalangin sa Diyos na bigyan ka ng lakas ng loob at tamang salita upang maipangaral ang ebanghelyo sa iyong kapamilya at kaibigan.

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

THE STORY OF US

FILIPINO WEEK 2

Ang Pagkakasala ng Tao

WARM-UP

- Ikuwento ang isa sa mga plano mo na hindi nangyari gaya ng inaasahan mo. Ano ang nangyari sa sitwasyong ito?
- Itinuturing mo ba ang sarili mo bilang isang taong mahigpit na sumusunod sa mga batas o masusing ginagawa kung ano ang sinasabi sa iyo? Bakit oo o bakit hindi?
- Nagawa mo na bang makipag-usap o makipagbati sa isang tao na may maling ginawa sa iyo? Ano ang nangyari?

WORD

*¹Sa lahat ng hayop na nilikha ng Panginoong Diyos, ang ahas ang pinakatuso. Minsan, tinanong ng ahas ang babae, "Totoo bang pinagbabawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alin mang puno sa halamanan?"
²Sumagot ang babae, "Makakain namin ang kahit anong bunga ng puno rito sa halamanan, ³maliban lang sa bunga ng puno na nasa gitna ng halamanan. Sapagkat sinabi ng Diyos na hindi kami dapat kumain o humipo man lang ng bunga ng punong iyon. Kapag ginawa namin iyon, mamamatay kami." ⁴Pero sinabi ng ahas, "Hindi totoong mamamatay kayo!" **GENESIS 3:1-4***

(Basahin din ang buong **GENESIS 3**.)

Sa simula, ang lahat ng ginawa ng Diyos ay mabuti. Subalit ang disenyo at layunin Niya para sa sangkatauhan at sa mga nilikha Niya ay nagulo nang pumasok ang kasalanan. Ngayon, titignan natin kung paano nagkasala ang mga tao at kung paano tumugon ang Diyos.

1 Ang tao ay nalinlang ng mga kasinungalingan ni Satanas.

³“ . . . sapagkat sinabi ng Diyos na hindi kami dapat kumain o humipo man lang ng bunga ng punong iyon. Kapag ginawa namin iyon, mamamatay kami.”⁴ Pero sinabi ng ahas, “Hindi totoo mamamatay kayo!” **GENESIS 3:3,4**

(Basahin din ang **GENESIS 3:5**.)

Si Satanas ay kaaway ng Diyos at kinamumuhian niya ang minamahal ng Diyos. Gusto niyang sirain ang nilikha ng Diyos at itaas ang kanyang sarili nang higit sa Diyos. Siya ang ama ng kasinungalingan na nanlilinlang sa sangkatauhan at nagdudulot ng pagkalito tungkol sa mga utos at pangako ng Diyos. Nag-anyo siyang ahas at niloko si Adan at Eva. Kapag nakinig tayo sa ama ng kasinungalingan, tiyak na pagdududahan natin ang Salita ng Diyos at lalayo tayo sa plano Niya. Ayon kay Jesus, paano natin malalaman at maisasapamuhay ang katotohanan? (Juan 8:31,32)

.....

.....

2 Sinuway ng tao ang utos ng Diyos.

Nang pinagmasdan ng babae ang puno, napakaganda nitong tingnan at ang bunga ay parang masarap kainin, at dahil sa pagnanais niyang maging marunong, pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at kinain din ito. **GENESIS 3:6**

Dahil nakinig si Adan at Eva sa mga kasinungalingan ni Satanas, sila ay nagkasala at sumuway sautos ng Diyos. Kapag nakikinig tayo sa kasinungalingan, nawawala tayo sa layunin at sa relasyon natin sa Kanya. Nalilinlang din tayo kung naniniwala tayong alam natin kung ano ang mabuti para sa atin nang wala ang kautusan ng Diyos. Nagdudulot ito ng pagsuway at walang hanggang pagkakahilay sa Kanya (Mga Taga-Roma 3:23). Magkuwento tungkol sa pagkakataong nakalimutan mo ang mga sinabi ng Diyos dahil sa kasinungalingan ng kaaway.

.....

.....

3 Hinanap at dinamitan ng Diyos ang tao.

⁸Pagdating ng hapon, narinig nila na lumalakad ang Panginoong Diyos sa halamanan. Kaya nagtago sila sa mga puno doon.

⁹Pero tinawag ng Panginoong Diyos ang lalaki, “Nasaan ka?” . . .

²¹Pagkatapos, gumawa ang Panginoong Diyos ng damit mula sa balat ng hayop para kay Adan at sa asawa nito. **GENESIS 3:8,9,21**

(Basahin din ang **GENESIS 3:7-24**.)

Ang Diyos ang gumawa ng paraan upang makipagkasundo sa tao. Sa kabila ng pisikal at espirituwal na kalagayan nila Adan at Eva, hinanap Niya sila upang alamin ang kanilang kalagayan at ang nagtulak sa kanila upang suwayin Siya. Ang Diyos din ang nagbigay sa kanila ng kasuotan na gawa sa balat ng hayop nang makita Niya sila, at ito nga ang naging unang sakripisyo para sa kasalanan ng tao. Hanggang ngayon, nais ng Diyos na ibalik ang relasyon Niya sa atin at linisin ang ating mga kasalanan. Paano ipinakita ng Diyos ang sarili Niya sa iyo at isinaayos ang relasyon mo sa Kanya?

.....

.....

APPLICATION

- Mayroon ka bang malapit na relasyon sa Diyos? Gusto mo bang patuloy na mamuhay sa piling Niya? Gusto mo bang gawin ang desisyong ito ngayon?
- May mga kasalanan bang ipinapa-alala sa iyo ang demonyo? Ano ang dalawang bagay na kaya mong gawin ngayon upang sumunod sa Salita at mamuhay sa katotohanan ng Diyos?
- May kapamilya o kaibigan ka bang kailangang paalalahanan tungkol sa orihinal niyang layunin at pagkakakilanlan sa Diyos? Mangakong ipanalangin siya at ipapangaral sa Kanya ang ebanghelyo ngayong linggo.